HULYO/AGOSTO 2025, ISYU 15

Alta California Regional Center

ALTA CONNECTIONS

Pang-update na Newsletter Kada Tatlong Buwan para sa Kliyente, Tagapagkaloob ng Serbisyo, at Kawani

Basahin ang tungkol sa karanasan ni Aurora sa open house/microenterprise fair sa pahina 7

MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR

Ehekutibong Direktor Lori Banales

Tulad ng maaaring napansin mo na, naantala ang edisyong ito ng Alta Connections newsletter. Ito ay isang sinadyang pagpapaantala upang masubaybayan ang Badyet ng Estado at Pederal na Panukalang-batas ng Pagtutuos, gayundin ang makuha at magbahagi ng mga sandali mula sa ACRC Open House noong ika-10 ng Hulyo.

Ang Badyet ng Estado sa wakas ay nilagdaan ng Gobernador kasunod ng isang lubhang hindi pangkaraniwang aksyon na ipinakilala ng administrasyon samantalang ang lehislatura ay kinailangang magpasa ng mga karagdagang Trailer Bill sa maikling panahon o ipagsapalaran ang pagpapawalang-bisa ng mga probisyon sa Badyet (Panukalang-batas ng Senado 101). Ang Panukalang-batas ay pinagdebatehan at ipinasa sa labas ng lehislatura, na nakarating sa mesa ng Gobernador para malagdaan sa loob ng kinakailangang panahon at ang isinabatas ang Badyet ng Estado. Habang ang estado ay patuloy na kinakaharap ang hindi pa nalalamang epekto ng pederal na panukalang batas sa pagtutuos, na tinutukoy rin bilang The Big Beautiful Bill, ang badyet ng California na nauugnay sa sistema ng regional center ay mas mahusay kaysa sa inasahan ng karamihan. Nagtaas ang sistema ng regional center ng pondo sa mahigit 3 bilyong dolyar sa nakaraang taon, upang isaalang-alang ang pagdami ng kliyente sa buong estado sa susunod na taong ito. Ang mga sumusunod ay mga tampok na direktang nakakaapekto sa mga regional center:

ANO ANG NASA LOOB NG ISYU NA ITO:

- MENSAHE MULA SA PATNUGOT
- MGA AKTIBIDAD SA PAKIKIPAG-UGNAYAN
- KOMITE NG PAGBIBIGAY NG KAALAMAN SA KLIYENTE
- PAGTUGON SA AMING MISYON
- MGA HUWARANG EMPLEYADO NG BUWAN
- ANG OPEN HOUSE/MICRO-ENTERPRISE FAIR
- KOLUM PARA SA USAPING KLINIKAL
- ABOT-KAYANG PABAHAY
- DSP COLLABORATIVE
- ESPESYAL NA OLYMPICS
- PROGRAMANG BLUE ENVELOPE
- PRIDE PARA SA KAPANSANAN NG LUNGSOD NG SACRAMENTO
- ANG SUPPORTED LIFE CONFERENCE

Ipinagpapatuloy na pahina 2

ANUNSYO

MAGDARAOS ANG ACRC NG ATING MGA SUSUNOD NA VIRTUAL NA PAGPUPULONG NG KOMUNIDAD KADA TATLONG BUWAN - AGOSTO 6, 2025 - 11AM-12PM

Mangyaring tandaan: Nilalayon ang pagpupulong ng komunidad ng ACRC kada tatlong buwan upang magbahagi ng mga update sa buong organisasyon at gawing bahagi ang ating komunidad. Hindi ito espasyo para sa mga partikular na suliranin na kliyente. Tinatanggap ang mga diskusyong iyon sa antas ng Pangkat ng Pagplaplano o sa harapang pag-uusap. Salamat sa iyong pag-unawa sa pangangailangan na mapanatili ang kumpidensyalidad ng kliyente. Para sa karagdagang impormasyon bumisita sa https://www.altaregional.org/calendar upang makuha ang link. Hindi kailangang magparehistro.

MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR - PINAGPATULOY

1. Pagwawakas ng antas ng katayuan ng Hindi Pagpapanagot para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa 2/28/26.
2. Mga kondisyong itinakda para matugunan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo bago maisaalang-alang sa Quality Incentive Program (QIP):
    a. Matugunan ang mga kinakailangan sa "Bagong Patakaran para sa mga kapaligiran" ng Home and Community-Based Service (HCBS, Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad).
    b. Mag-enroll sa sistemang Electronic Visit Verification (EVV, Beripikasyon ng Elektronikong Pagbisita) (naaangkop sa mga partikular na code ng serbisyo)
    c. Matugunan ang mga kinakailangan sa taunang pag-audit
3. Ang Direct Service Professional (DSP) University ay patuloy na popondohan
4. Pagwawakas ng inilaang pagpopondo para sa mga regional center upang ipatupad ang mga kinakailangan para sa pagsasanay sa Hindi Lantad na Pagkiling.
5. Wika sa Trailer Bill na may kaugnayan sa sustenabilidad para sa Self Determination Program (SDP, Programa ng Pagpapasya ng Sarili)
6. Hindi natugunan sa Badyet ng mga Serbisyo sa Pag-unlad, ngunit hindi direktang nauugnay habang ginagamit ng mga kliyente at pamilya ang In-Home Supportive Services (IHSS, Mga Sumusuportang Serbisyo sa Tahanan) at Medi-Cal:
    a. Inalis ang limitasyon sa overtime (OT).
    b. Medi-Cal para sa Hindi Kasiya-siyang Katayuan sa Imigrasyon (UIS), ay tinutukoy rin bilang isang "walang dokumento" na katayuan ng imigrante
        i. Ibinigay ang access sa IHSS at Pangmatagalang Pangangalaga
        ii. Walang pangangalaga sa ngipin
        iii. Pagtigil ng pag-enroll sa Medi-Cal bago lumampas ng 12/31/25
        iv. Kung ang isang tao ay umalis sa Medi-Cal dahil sa hindi pagkumpleto ng proseso ng recertification, binibigyan sila ngayon ng tatlong buwan ng pagtatama upang makakuhang muli ng access sa Medi-Cal kaysa sa nakaraang panukala sa rebisyon noong Mayo ng pagtanggi na walang muling pag-access sa coverage.
        v. Buwanang premium na $30.00 kada saklaw na indibidwal na magsisimula sa Hulyo 1, 2027

Ang ACRC ay nakatuon sa paglilingkod sa ating komunidad. Ang aming sistema ay magsasama-sama upang matiyak na ang karapatan sa Lanterman Act ay nananatiling nasa gitna ng aming adbokasiya at nagsisilbi bilang isang mapagkukunan ng suporta para sa aming komunidad. Ang estado ay nalampasan ang pagsubok sa nakaraan at ang mga panahong ito ay hindi naiiba. Bilang isang sistema, mananatili kaming matatag at patuloy na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na may mga Kapansanang Intelektwal at sa Pag-unlad.

Sa nakaraang newsletter, itinampok namin ang paglipat ng aming punong-tanggapan ng Sacramento sa lugar ng Natomas ng Sacramento. Noong ika-10 ng Hulyo, idinaos ng ACRC ang Open House upang ipakita ang aming bagong opisina at upang itampok ang mga negosyong microenterprise ng mga kliyente at mga tagapagkaloob ng serbisyo. Nagkaroon ng mga laro, picture booth, mesang nakalaan sa pagbibigay ng impormasyon, banda ng kliyente, at maraming masasarap na pagkain na inihain sa aming kahanga-hangang espasyong cafeteria. Ito ay isang positibong kaganapan na may higit sa 1500 bisita. Ako ay lubos na nagpapasalamat sa aming mga kawani para sa pagsasaayos at pagkokoordina ng araw para sa ating komunidad. Nakatanggap ako ng maraming komento mula sa mga dumalo tungkol sa kung gaano nila naramdaman ang pagka-espesyal habang nagpapalipat-lipat sila ng espasyo. Para sa lahat ng nakiisa sa amin sa napakainit na araw na iyon ng Hulyo, nagpapasalamat ako sa inyong pagpunta at sa mga hindi nakabisita sa araw na iyon, inaasahan namin ang ang malugod na pagtanggap sa inyo sa hinaharap!

PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD NG ACRC

Ang ACRC ay nakatuon sa pakikilahok sa mga kaganapang pangkomunidad na nagkakaloob ng mga mapagkukunan, oportunidad upang kumonekta sa iba't ibang kultura, at upang makisalamuha sa mga kliyente at pamilya sa regional center. Tingnan ang mga larawan mula sa *ilan* sa mga kaganapang nilahukan namin mula Abril hanggang Hulyo 2025.

Kung interesado ka sa mga kaganapan sa komunidad, mangyaring bisitahin ang aming website na kalendaryo sa https://www.altaregional.org/events-calendar. Kung ikaw ay isang tagapag-organisa ng kaganapan at interesadong makilahok ang ACRC sa isang kaganapan ng pakikipag-ugnayan, mangyaring makipag-ugnayan kay Shamir Griffin, Cultural Diversity Specialist sa pamamagitan ng email sa sgriffin@altaregional.org.

Pista ng Musika ng Ukrayna

Araw ng mga Bata

Kaganapan ng Maidu para Maiwasan ang Pang-aabuso sa Bata

Kaganapan para sa Kalusugan at Kagalingan ng Minoridad

Kaganapan para sa Kultura at Kagalingan

Guru Nank

Kaganapan para sa Kagalingan sa Maidu Park

Johr Jawani

Kaganapan para sa Mapagkukunan para sa Komunikasyon ng Afghan Support Center



Yolo Juneteenth

Sacramento Pride

UPDATE NG CLIENT ADVISORY COMMITTEE SA SUPORTADONG PAGGAWA NG DESISYON

Nakibahagi ang Client Advisory Committee (CAC, Komite ng Pagbibigay ng Kaalaman sa Kliyente) sa pagbuo ng pagsasanay sa Supported Decision-Making (SDM, Suportadong Paggawa ng Desisyon) sa ACRC. Ang SDM ay isang proseso na nagbibigay-daan upang makagawa ng desisyon ang mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan tungkol sa sarili nilang buhay na may suporta mula sa mga taong kanilang pinili at ito ay isang hindi gaanong mahigpit na alternatibo sa conservatorship. Nagdaraos ang ACRC ng mga virtual na pagsasanay sa SDM para sa mga kliyente at pamilya kada tatlong buwan.

Ang aming susunod na pagsasanay ay naka-iskedyul para sa Agosto 26, 2025, at kinakailangan ang pagpaparehistro. Hinihikayat ng CAC na dumalo ang lahat ng kliyente at pamilya na gustong matutunan pa ang tungkol sa SDM. Ang SDM ay naaayon sa Lanterman Act dahil ito ay:

- Boluntaryo, naiaakma, maaaring bawiin, at walang bayad
- Sinusuportahan ang hindi gaanong mahigpit na kapaligiran
- Pinoprotektahan ang personal na kalayaan
- Itinataguyod ang potensyal sa pag-unlad
- Itinataguyod ang isang malaya, produktibo, at normal na buhay
- Pinoprotektahan ang pangunahing karapatang sibil na gumawa ng mga personal na desisyon sa buhay
- Kinikilala na ang mga nasa hustong gulang na may kapansanan sa pag-unlad ay may parehong mga karapatan at responsibilidad tulad ng mga walang kapansanan

Ang CAC ay nagpupulong sa ikalawang Martes ng buwan (maliban sa Abril, Agosto at Disyembre) mula 2 hanggang 4 p.m.

Upang matutunan pa ang tungkol sa Client Advisory Committee ng ACRC, bisitahin ang: https://www.altaregional.org/client-advisory-committee-cac

PAGTUGON SA AMING MISYON

Sa aming mga pagpupulong ng lupon, binibigyang-diin namin ang mga aktibidad na iyon na sa tingin namin ay tunay na nakakatugon sa misyon ng regional center. Noong Mayo, malugod naming tinanggap sina Diego at Chris mula sa Life Program ng Sierra College na nagbahagi ng kanilang mga kuwento ng pakikilahok sa kanilang programa ng mga kasanayan sa mag-isang pamumuhay sa campus.

SIERRA COLLEGE

Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-enroll sa LIFE Program bisitahin https://www.sierracollege.edu/academics/life-program/

HUWARANG EMPLEYADO NG BUWAN NG HUNYO 2025
ESPERANZA ZUNIGA

Mahigit 6 na taon na si Esperanza Zuniga sa ACRC. Dalawang taon na ang nakararaan noong siya ay sumali sa Self-Determination Program (SDP) unit bilang Participant Choice Specialist. Bago iyon, isa siyang Service Coordinator sa parehong mga kasong residensyal at magkahalo. Sa bawat posisyon, tiniyak ni Esperanza na hindi lamang lumikom at lumikha ng mga panlabas at panloob na mapagkukunan, ngunit siguraduhing may access din ang kanyang mga katrabaho sa mga tool na iyon. Sa loob ng SDP Unit, nakamit ni Esperanza ang paggalang ng kanyang mga kasamahan sa koponan at madalas na hinahanap para sa suporta at gabay.

Ilan sa mga feedback na natanggap mula sa mga unit na sinusuportahan niya ay na siya ay "tunay na isang rock star at isang kamiyembro ng pangkat" at "Pinasasalamatan ko ang kanyang kabaitan, pagiging magiliw, at kahandaang tumulong sa anumang paraan na magagawa niya. Pinahahalagahan ko ang pagkakaroon ng pagkakataong makatrabaho siya." Si Esperanza ay kinikilala ng parehong mga tagapamahala at mga kasabayan para sa kanyang propesyonalismo at mapagmalasakit na pag-uugali, na tumutulong na gawing maa-access at nauunawaan ng lahat ang SDP. Tinukoy niya ang mga alalahanin sa isang potensyal na tagapagkaloob ng serbisyo at tiniyak na ang lahat ng naaangkop na panloob na panig ay nabigyan ng kaalaman, upang ang mga alalahanin ay matugunan sa naaangkop na paraan para sa isang matagumpay na resulta. Siya ay mahalagang bahagi ng SDP unit at ng aming ahensya. Maligayang bati, Esperanza! Ikaw ay nararapat para sa gawad na ito!

HUWARANG EMPLEYADO NG BUWAN NG MAYO 2025
FRANTISKA RAYFIELD

Ikinalulugod naming ianunsyo na si Frantiska Rayfield, Service Coordinator sa Intensive Case Management Unit ay napili bilang Huwarang Empleyado ng ACRC para sa Buwan ng Mayo, 2025.

Ang pagkilalang ito ay isang patunay sa pambihirang dedikasyon at pagganap ni Frantiska sa pakikipagtulungan sa aming mga kliyente, kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa komunidad, sa Department of Developmental Services at iba pa. Hinaharap ni Frantiska ang mga hamon nang may kagandahang-loob at malasakit. Sa pinakamahihirap na sitwasyon, siya ay nakahanda at hindi nagbabago sa kanyang pamamaraan. Ang dedikasyon ni Frantiska sa mga tao ay isang kapakinabangan sa kanyang pang-araw-araw na gawain. Siya ay tumutugon sa lahat ng kanyang nakakasalamuha. Ipinagmamalaki ni Frantiska ang kanyang trabaho, at isa siyang positibo at propesyonal na kinatawan ng ACRC. Ang kanyang kakayahang magmodelo ng pag-uugali ay isang magandang katangian hindi lamang sa kanyang mga kasamahan sa pangkat kung hindi pati na rin sa pagkatawan sa ACRC. Nakahanda si Frantiska para sa mga pagpupulong, na isinasalin sa mga naka-customize na serbisyo at suporta para sa mga kliyente at pamilyang pinaglilingkuran niya. Ang kanyang kaalaman, sigasig at palakaibigang pag-uugali ay nakakatulong sa kanyang mga kasama na madama na tinatanggap at pinahahalagahan ng lahat ng nakakaugnayan sa kanya. Maligayang bati, Frantiska!

ACRC NAGDAOS NG OPEN HOUSE, MICROENTERPRISE, AT MGA VENDOR FAIR

Noong Hulyo 10, 2025, nagsagawa ang ACRC ng open house sa aming bagong opisina sa Sacramento. Lubos kaming nagpapasalamat sa napakaraming tagapagkaloob ng serbisyo at microenterprise na tumulong sa aming ipagdiwang ang aming bagong espasyo.



MAHALAGANG ARAW NI AURORA SA OPEN HOUSE/MICROENTERPRISE FAIR

Lubos naming ikinalulugod na matanggap ang kwento ng karanasan ni Aurora Estrella sa pagbebenta ng mga likhang-kamay at likhang-sining sa kanyang unang microenterprise fair.

9:00am – Dumating si Aurora sa ACRC na handang i-set up ang kanyang booth para sa microenterprise fair.

9:35am – Naka-set up na ang mesa ni Aurora at handa na siyang ibenta ang kanyang mga likhang-kamay.

12:30pm – Tatlo na lang ang natitira sa mesa ni Aurora at nabenta na niya ang lahat bago lumampas ng 1:15pm.

Eksaktong $300 ang benta ni Aurora na magbibigay-daan sa kanya na bumili ng mga supply para makagawa ng mga likhang-kamay sa hinaharap. Natuwa si Aurora sa mga taong humahanga sa kanyang mga likhang-kamay, gustong bilhin ang mga ito at ipaliwanag kung paano niya ginawa ang mga ito. Sa event, nakipag-ugnayan si Aurora sa mga kaibigan mula sa mga programang dinaluhan niya noon at sa dalawang dating service coordinator na dumaan upang makipagkumustahan sa kanya. Nagbenta si Aurora ng 15 Diamond Dot, 19 Loom Potholder, 6 Diamond Dot greeting card, at dalawang ceramic painting project. Maaari kang bumili ng gawa ni Aurora sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanyang kapatid na si Jackie sa jackiee325@aol.com, o mag-text sa 916-203-5437

BAGO PARA SA MICROENTERPRISE FAIR NA ITO - MGA GIFT CERTIFICATE



Noong Hulyo 10, 2025, nagdaos ang Alta California Regional Center ng Open House - Microenterprise Fair na nagtatampok ng mga negosyong pinatatakbo ng mga kliyente. Malugod na tinanggap ng Alta ang daan-daang bisita sa bagong lokasyon ng opisina nito sa lugar ng Natomas. Ang mga dumalo ay inanyayahang lumahok sa isang survey upang ipaalam sa amin kung gusto nila ng higit pang impormasyon tungkol sa anumang mga paksa o mapagkukunan. Bilang pasasalamat sa pagkumpleto ng survey, binigyan ang mga sumagot ng gift certificate para sa iisang pagbili ng hanggang $25.00 sa alinman sa mga microenterprise booth na ini-host sa site. Nakakolekta ang Alta ng mahigit 140 sagot sa survey at bilang karagdagang bonus na mahigit $3000.00 sa mga gift certificate ay na-redeem sa 36 na iba't ibang negosyong pinatatakbo ng mga kliyente.

KOLUM PARA SA USAPING KLINIKAL PAGPAPALAWAK NG KADALUBHASAAN: MGA KASANAYANG NAKABATAY SA EBIDENSYA PARA SA MGA PROPESYONAL NA NAGKAKALOOB NG DIREKTANG SUPORTA

Ang Training for Direct Support Professionals (mga DSP, mga Propesyonal na Nagkakaloob ng Direktang Suporta) ay dating kulang sa nilalaman pagdating sa mga kasanayang nakabatay sa ebidensya (mga EBP) para sa mga kasanayan sa pagtuturo at pamamahala ng pag-uugali. Sa katunayan, 70% ng mga DSP at administrador ng mga may lisensyang residensyal na tahanan ng pangangalaga ang nag-uulat na hindi sila kailanman nakatanggap ng pormal na pagsasanay sa mga pangunahing EBP gaya ng pag-uudyok o biswal na suporta.

Sa kabila ng agwat na ito, umaasa sa mga DSP na magturo ng mahahalagang kasanayan sa mga aspeto ng pag-unlad tulad ng komunikasyon, mga gawain bago ang bokasyonal, at pangangalaga sa sarili. Madalas din silang inaasahang tumugon sa mga mapaghamong pag-uugali at tiyakin ang kalusugan at kaligtasan.

Isang artikulo kamakailan sa Autism Spectrum News ang nagtatampok ng mga pagsusumikap ni Mary Rettinhouse, Autism Clinical Specialist sa Alta California Regional Center, upang matugunan ang pangangailangan na ito. Sa Tailored Professional Development for Licensed Care Staff to Support Community Living for Adults with Autism (Iniakmang Propesyonal na para sa mga Lisensyadong Kawani sa Pangangalaga Upang Suportahan ang Paninirahan sa Komunidad para sa mga Nasa Hustong Gulang na may Autismo), inilalarawan ng Rettinhouse ang isang eksperimental na proyekto na ginamit ang pagsasanay na nakabase sa paaralan at modelo ng pagtuturo para magamit ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa nasa hustong gulang. Sa loob lamang ng limang linggo, nakatanggap ang mga DSP ng naka-target na pagsasanay at pang-indibidwal na pagtuturo. Naging kapansin-pansin ang mga resulta: 92% ng mga pang-indibidwal na tunguhin para sa mga taong sinusuportahan ay natugunan o nahigitan.

Ipinapakita ng inisyatibang ito na kapag ang mga DSP ay mayroong mga epektibong tool na nakabatay sa ebidensya, ang mga resulta para sa mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa pag-unlad ay maaaring lubhang bumuti. Ang mga natuklasang ito ay nangangako para sa kinabukasan ng mga serbisyo para sa nasa hustong gulang at para sa mga indibidwal na umaasa sa kanila upang pursigihin ang kalayaan at makamit ang kanilang mga tunguhin sa komunidad.

Link sa artikulo: Tailored Professional Development for Licensed Care Staff to Support Community Living for Adults with Autism - Autism Spectrum News

MGA KAWANI NG ACRC SUMALI SA RALLY NG MEDICAID

Noong Mayo 22, 2025, sinamahan ng mga empleyado ng ACRC ang daan-daang kliyente at kawaning tagapagkaloob ng serbisyo ng regional center mula sa buong estado upang mag-rally bilang suporta sa pagpapanatili ng pagpopondo ng Medicaid.

SEREMONYA NG PAGPUTOL NG LASO PARA SA HEIGHTS SA STOCKTON

Pinarangalan ang ACRC upang lumahok sa seremonya ng pagputol ng laso para sa The Heights sa Stockton. Ang partnership na ito sa Mercy Housing ay may 10 abot-kayang pabahay na inilaan para sa mga kliyente ng ACRC at kanilang mga pamilya. Nagsalita ang Ehekutibong Direktor na si Lori Banales sa kaganapan at nasiyahan sa pakikipagkilala sa mga residente at pag-alam tungkol sa kanilang mga karanasan sa pabahay. Kinilala rin ang tagapagkaloob ng serbisyo ng ACRC na First STEP Housing Access Services ng Mercy Housing para sa kanilang suporta para sa mga residente. Maaari mo pang matutunan ang tungkol sa pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay ng ACRC dito: https://www.altaregional.org/post/multi-family-housing-development

Panoorin ang Facebook Reel ng DDS na nagtatampok sa kwento ni Mindee. https://www.facebook.com/reel/1313794980086970

DSP COLLABORATIVE NAGPALAWAK SA PITONG REGIONAL CENTER NG COUNTY NG LOS ANGELES

DSP COLLABORATIVE
Direct Support Professionals
Leading with Inclusion and Working with Purpose

Ang DSP Collaborative, isang tagapagsimulang inisyatiba na nagsimula sa Alta California Regional Center at Valley Mountain Regional Center ay nagpalawak sa lahat ng pitong regional center sa County ng Los Angeles. Ang pagpapalawak na ito ay isang mahalagang hakbang sa pagtugon sa patuloy na kakulangan ng manggagawa na makabuluhang nakakaapekto sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad at sa kanilang pag-access sa de-kalidad na pangangalaga.

Ang pangangailangan para sa mga kwalipikadong DSP ay higit na lumalampas sa kasalukuyang supply, na nauuwi sa mas higit pang oras ng paghihintay para sa mga serbisyo, nakompromisong kalidad ng pangangalaga, at malaking stress sa mga pamilya at tagapag-alaga. Nilalayon ng pagpapalawak ng DSP Collaborative na patuloy na suportahan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa regional center sa pagkuha ng mga kwalipikadong kawani. Ang DSP Collaborative ay mag-aalok ng job board para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa regional center sa County ng Los Angeles.

Ang proyektong ito ay pinopondohan ng mga gawad ng DDS HCBS (https://www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations/hcbs-compliance-funding/), na sumusuporta sa mga inisyatibang nagtataguyod ng integrasyon ng komunidad at pangangalagang nakasentro sa tao.

Bisitahin ang website ngayon https://dspcollaborative.org/

ACRC SINAMAHAN ANG PLACER COUNTY UPANG IPATUPAD ANG PROGRAMANG BLUE ENVELOPE

Ang Programang Blue Envelope ay idinisenyo upang itaguyod ang pagka-ingklusibo at magsilbi bilang isang pinahusay na kasangkapan para sa kaalaman sa komunikasyon sa pagitan ng tagapagpatupad ng batas at mga miyembro ng komunidad na nasuriang may kondisyon o kapansanan tulad ng autism spectrum disorder, dementia, pagkabalisa, o iba pang mga kondisyon na maaaring mangailangan ng mga karagdagang akomodasyon o kaalaman sa panahon ng interaksyon sa tagapagpatupad ng batas. Kung ikaw ay isang residente ng Placer County, maaari ka pang matuto nang higit pa rito: https://www.placer.ca.gov/BlueEnvelope o makipag-ugnayan sa iyong service coordinator.

MGA LARO SA TAG-ARAW NG ESPESYAL NA OLYMPICS

Ang huling weekend noong Hunyo ay naging napaka-espesyal para sa 250+ kliyente at pamilya ng ACRC na dumalo sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng Special Olympics Northern California (SONC) Summer Games. Ang mga dumalo ay pinagkalooban ng isang puno ng aksyon na Pambungad na Seremonya na sinamahan ng mga mensaheng nagbibigay inspirasyon mula sa mga nanalo ng Medalyang Ginto na sina Kerri Walsh Jennings at Ruthie Bolton, isang presentasyon ng tseke ng Ingat-Yaman ng Estado na si Fiona Ma at ng lokal na Asm ng ACRC na si Stephanie Nguyen. Itinampok din sa kaganapan ang sarili naming kliyente ng ACRC na si Bradley Margetts bilang kasamang emcee kasama ang mahusay na "SONC Volunteer of Year" na si Kyla Grogan, KRON4.

Mahigit 900 Atleta mula sa 38 county ang nakipagkumpitensya sa mga kaganapan sa Bocce, Swimming, Tennis, at Track and Field sa buong weekend.

Nakita ang mga Miyembro ng ACRC Board na sina Amy Lampe, Kelly Pennington, at Client Bradley Margetts sa mga Bocce Courts para sa Gold!

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng SONC: https://sonc.org/

ACRC SINAMAHAN ANG KONSEHO NG LUNGSOD NG SACRAMENTO PARA SA RESOLUSYON PARA SA KAPANSANAN SA PRIDE MONTH

Sinamahan ng Ehekutibong Direktor ng ACRC na si Lori Banales ang mga tagapagtaguyod at propesyonal para sa kapansanan sa komunidad para sa presentasyon ng resolusyon na nagdiriwang ng Pride Month para sa May Kapansanan na ipinagdiriwang ang anibersaryo ng paglagda ng Americans with Disabilities Act noong Hulyo 26, 1990. Ang mga katuwang sa komunidad na mula sa United Cerebral Palsy at mga Mapagkukunan mula sa Independent Living ay nagsalita rin sa pagpupulong ng konseho.

MAGPAREHISTRO NGAYON PARA SA NALALAPIT NA KUMPERENSYA NG SUPPORTED LIFE - HTTPS://WWW.SUPPORTEDLIFE.ORG/

Ipiniprisinta ng Supported Life Institute ang aming:

***Ika-39** na Taunang Kumperensya*

SUPPORTED LIFE 2025

Paggalugad sa Ligtas na Daan sa Pabago-bagong Panahon

Pagbibigay-kapangyarihan sa Lahat ng Taong may mga Kapansanan sa Pag-unlad Upang Ganap na Mapabilang sa Komunidad

Oktubre 9 – 10, 2025

Wyndham Sacramento Hotel
Sacramento, California

"Isang Lugar para Sanayin ang Inyong Kawani sa isang Ingklusibong Kapaligiran"

Supported Life 2025
Paggalugad sa Ligtas na Daan sa Pabago-bagong Panahon

Mga Pangunahing Tagapagsalita

Dr. Katie Pedgrift - lisensyadong klinikal na sikologo at lumikha ng "Relationships Decoded" - ay nakipagtulungan sa mga taong mayroong autismo at iba pang mga kapansanan sa pag-unlad sa iba't-ibang konteksto kabilang ang mga nasa - in-patient, out-patient , at forensic na setting; mga paaralan; at dyagnostik na klinika. Iniakda ni Dr. Pedgrift ang maraming kurikulum na dinisenyo upang magdagdag ng kaalaman, proteksyon sa sarili, pagtataguyod ng sarili, at mabubuting ugnayan.

Peter Leidy (www.peterleidy.com) - kasangguni sa suporta at ingklusyon, tagapagsalita, guro, at mang-aawit/manunulat - sinasamahan tayo mula sa Madison, Wisconsin. Nakikipagtulungan siya sa mga pamilya at organisasyon sa buong US at sa ibang bansa at madalas na nagsasalita sa mga kumperensya, gamit ang makabuluhang Katatawanan at Musika. Si Peter, ang aming pinakamadalas na iniimbitahang Pangunahing Tagapagsalita, ay nagsabi na ang kanyang unang imbitasyon bilang pangunahing tagapagsalita sa isang kumperensya ay para sa supported Life *2002*!

Sabi ni **Brandon Gruber**: "Ang Down Syndrome ay hindi ako!" Mula sa isang target ng pambu-bully sa high school hanggang sa ibinoto bilang homecoming king 3 taon pagkatapos – na nagbigay-daan sa kanyang mga pagsisikap na may empatiya na tulungan ang mga walang boses sa campus – nakilala si Brandon sa pamamagitan ng mga pambansang grupo para sa pamumuhay ng isang ingklusibong buhay, at nakatanggap ng prestihiyosong Princess Diana Award para sa mga mapagkawanggawang pagsisikap, upang matulungan ang mga kabataang kulang sa mapagkukunan.

Jayne Chase ng Florence, Alabama, ina ng 6 na anak (na ngayon ay lola na sa 4) . Noong makakuha ang kanyang bunsong anak na lalaki ang dyagnosis na autismo, nag-aatubili siyang nagsimulang turuan ang kanyang sarili… dahil sa unos na paparating… hindi ito magiging madali… wala siyang gabay na daan! Sa pagsasalita sa loob ng mahigit 30 taon, ibinahagi niya ang kanyang natutunan para sa paglikha ng mga tumatanggap at ingklusibong komunidad.